Mga Patnubay para sa Permanenteng Pagtira ay bahagyang nawasto noong Ika-24 Pebrero,2026



Impormasyon na base sa Immigration Services Agency

Mga Patnubay para sa Permanenteng Pagtira - Mga Legal na Kailanganin

(Pinagaang salin)

① Magpakita ng mabuting moral na pag-uugali

Kailangang sumunod sa batas at pangasiwaan ang pang-araw-araw na pamumuhay sa paraang hindi ito mag-aanyaya ng pintas bilang isang residente.

② Magkaroon ng sapat na ari-arian o kahusayan upang panatilihin ang malayang kabuhayan

Kailangan mo ang sapat na ari-arian o kahusayan na kakailanganin para magbigay ng matatag na pamumuhay sa hinaharap ng hindi magiging pabigat sa publiko.

③ Humanay sa Kapakanan ng Bansang Hapon

a. Ayon sa tuntunin, maaaring patuloy ka nang naninirahan sa Bansang Hapon lampas na ng Sampung Taon.

b. Maaaring kahit minsan ay hindi ka pa namultahan o nabilanggo, at maaaring natupad mo ang iyong mga pampublikong tungkulin ng tama.

BINAGO

c. Maaaring ikaw ay naninirahan na sa Bansang Hapon ng mahabang panahon ayon sa iyong pangkasalukuyang residence status.

Mga Hakbang Pagbabago: Hanggang Ika-31 ng Marso, 2027, Kung ikaw ay may hawak nang 3-Taon na pagtira, patuloy kang itituring bilang "residente na may mahabang panahon ng pagtira". Mula Ika-1 ng Abril, kung ikaw ay may hawak nang 3-Taon na pagtira sa Ika-31ng Marso, 2027, ikaw ay ituturing na bilang “residente na may mahabang panahon ng pagtira para lamang sa una mong aplikasyon” ng permanenteng pagtira sa ilalim nitong status, at kung iyong matatanggap ang resulta ng aplikasyon sa loob ng panahon ng inyong pagtira.

BINAGO

d. Ang inyong pangkasalukuyang residence status ay dapat katugon ng inyong pahintulot sa paglapag ayon sa saligang batas na itinalaga ng Ministry of Justice.

f. Wala kayong pinsala o panganib mula sa perspektibo ng pampublikong kalusugan.

Kung kayo ay isang asawa o anak ng alinman sa isang Hapones, isang Permanenteng Residente, o Special Permanent Resident, hindi kailangang sundin ang ① at ② Sa karagdagan, kung ikaw ay tinanggap bilang Refugee, taong sakop ng komplementaryong Proteksyon, o Pagpapatira sa Refugee, hindi kailangang sundin ang ②.

Para sa mga detalye sa bawat kailangan, mga puntos ng lista, at "Espesyal na mga kondisyon Tungkol sa Tuntunin ng 10-Taon na Pagtira," mangyaring i-tsek ang Immigration Services Agency's website.

https://www.moj.go.jp/isa/applications/resources/nyukan_nyukan50.html